Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION V - BICOL
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATANDUANES**

DEPED DIVISION OF CATANDUANES RECORDS SECTION
RELEASED
22 AUG 2022

**August 22, 2022**

**DIVISION MEMORANDUM**
No. 407 s. 2022

**MESSAGE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT ON THE OPENING OF CLASSES SCHOOL YEAR 2022-2023**

**TO : ALL EMPLOYEES**
**This Division**

1. As we welcome the school year 2022-2023 with classes opening on August 22, 2022, this office issues this MESSAGE to all internal and external stakeholders to bring across the aim of providing a renewed commitment, importance, and direction to all.

2. Chiefs, Section Heads, Public Schools District Supervisors, School heads are requested to read this message to the concerned stakeholder groups during the flag ceremonies and during meetings so that it reaches the entire clientele.

3. Everybody is enjoined to support the schools by extending help such as conveying message of affirmation, recognition, acknowledgment, technical assistance with care, and giving timely and beneficial feedback.

4. Widest dissemination of this Memorandum is desired.

**SUSAN S. COLLANO, CESO V**
Schools Division Superintendent

San Roque, Virac, Catanduanes
(052) 811-40-63
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo-Region V - Catanduanes

**Opisyal na Mensahe sa Pagbubukas ng Taong Pasukan 2022-2023**

Isang mapagpalang araw sa ating lahat!

Masaya nating salubungin ang pagbubukas ng klase ngayong taong panuruan 2022-2023. Ipadama natin sa mga mag-aaral at sa bawat isa sa atin na sa kabila ng pandemya at hinaharap pa ring krisis sa pagkatuto at mga kakulangan, nandito tayo upang ipagpatuloy ang Edukasyon at itawid ang ating mga mag-aaral sa mga aspirasyon nila sa buhay.

Sabi nga sa ating islogan I-CARE for ISLA. Sa bawat hamong meron tayo, bigyan natin ng kahulugan at patotoo ang CARE na ito.

**PARA SA MGA MAG-AARAL**

WELCOME BACK sa ating mga silid-aralan at sa mga community learning centers! Sa bawat paghakbang ninyo papasok sa bungad ng paaralan at learning centers, isipin at angkinin ninyo na 'yan ay isang hakbang sa inyong mga pangarap. Isang hakbang ay isang bilang ng pagtupad sa gusto ninyong 'MAGING' sa itinakdang panahon. Kung kaya't gawing dibdiban ang bawat araw na naririyan kayo sa paaralan. Makinig, makiisa, magtanong, makilahok, at isabuhay ang bawat leksyon at aral sa pang-araw-araw ninyong pamumuhay. Nais ko ring sabihin na ang bawat mag-aaral ay dapat maging 'accountable' sa kanyang pagkatuto. Ibig sabihin, linangin, pagyamanin at dagdagan ang mga leksyon na nakukuha sa loob ng silid-aralan. Huwag lamang makuntento sa kung ano ang tinatalakay sa apat na corners ng klasrum, sapagkat marami at available ang pwede ninyo pang matutunan. Gamitin ang dating modyul na ginagamit ninyo sa distance learning para mabalikan at maikonekta ang mga aralin. Mag saliksik o gamitin ang gadgets upang mapayabong ang TAMANG kaalaman. Gawing perfect attendance ang 203 school days at buuin ang 365 days bilang learning days and time. Higit sa lahat, isabuhay at gamitin ang natutunan. Kaakbat ng ating mga binigay na instruksyon sa ating mga school heads ay ang katagang *"Let every learner, read, write, compute, comprehend, and enjoy"*. Aking nais na ito ay makikita natin sainyo sa paaralan, sa mga bahay at sa buong komunidad. Gawing masaya at mahalaga bawat kabanata ang pag-aaral para sabihin nating *"All study with enjoyment makes YOU a BETTER-LEARNED Catandunganon"*. SET YOUR FIRST GOAL TODAY and SET GOAL AFTER GOAL AFTER GOAL and you will see, you will be the person you want to be! Kaya, walang bibitaw.

**PARA SA MGA GURO**

PAGSALUDO SA ISA NA NAMANG TAON NG PAGTUPAD NG MISYON. Kaakibat na ng ating trabaho ang misyong maitawid ang bawat mag-aaral na nasa inyong pangangalaga patungo sa kanilang pangarap. Kung kaya't binibigyan namin kayo ng isang pagpupugay sa di mapantayan at matatawarang misyon na karga ninyo araw-araw. Nais kong sabihin na kung meron isang bagay na patotoo sa

kasabihang "isang karangalan ang maglingkod', ito ay ang lingkod-guro na inyong biubuno araw-araw, taun-taon, at sa lahat ng panahon.

Kung kaya't bago pa man ang World Teachers' Day celebration, gusto kong paabutan kayo ng maligayang pagbati at pagsaludo, mga minamahal nating kaguruan! Nothing can compensate the hard work that you do for the hopefuls in your respective classes, but nothing also can compare to the satisfaction and contentment you feel everytime you enable every learner with the foundational skills, the basics and all that we call as competencies, even beyond normal times and circumstances. So, please receive my salute. You, too, are called upon to articulate through proper and good examples of our mantra I-CARE for ISLA. Please continue creating and recreating the learning environment and spaces that will nurture the potential of every learner so that effective learning will happen. We got your back!

**PARA SA MGA SCHOOL HEADS**

MALIGAYANG PAGBATI SA MAPANGHAMONG PAMUMUNO! Whether you are a newbie or seasoned school head, TIC, OIC, Full-fledged, you all are vested with the same Authority, Responsibility and Accountability (AURA). The expectations of the disposition of your roles and functions are the same and with this, we owe you the same salute. As you dispose of your function this new normal, we give you extranormal boost so that you could pull off every bit of challenge in your management and leadership roles. Our technical assistance and support will always be at your fingertips. Please demonstrate the same CARE to your teachers, learners, parents, and your school stakeholders. Asahan ninyo ang aming parehas na pagkalinga.

**PARA SA MGA MAGULANG, LOCAL GOVERNMENT UNITS, AT LAHAT NG STAKEHOLDERS**

MASAYANG PAGBATI SA TAGUMPAY NG ATING PAGTUTULUNGAN! Maraming salamat po sa pananatiling kaagapay ng ating mga paaralan. Hinihiling ko po ang patuloy na pakikiisa at pagtulong sa mga pangangailangan ng ating mga paaralan sa anumang paraan at kaya. Ang pinakaimportanteng tulong po ay ang paggabay sa mga mag-aaral na araw-araw ay makapasok sila sa paaralan upang walang puwang sa kanilang kaalaman. Sa ganitong gawain, magiging madali ang pagdaloy ng leksyon at sabay-sabay ang paglago ng kaalaman at pagkatuto.

**PARA SA LAHAT NG OPISYAL AT EMPLEYADO NG SDO CATANDUANES**

MABUNYING PAGSISIMULA SA ATING LAHAT! Tayo ang bumubuo ng pwersa upang itawid ang mga direksyon at aksyon ng ating SDO. Kaya halina't ipunin at palakasin ang ating pagsasamahan upang buong-puso, diwa, at lakas nating serbisyohan ang ating mga kababayan saan mang sulok ng probinsya at hangga't may eskwelahang nakatayo at itatayo.

Makiisa sa pagsasakatuparan ng ating Vision na gawing resilient SDO ang Catanduanes dahil tayo ang champions ng edukasyon na nagsusumikap at nagpupunyaging maisagawa ang Learning Recovery Plan na nakapaloob sa I-CARE in RAISE ng rehiyon at dibisyon.

Let us all look forward to the end of the school year celebrating our concerted effort and success.

Maraming salamat sa nagdaang taon ng pagseserbisyo, halina't ulitin at dagdagan ang biyaya ng serbisyo publiko at sabay-sabay nating bigkasin at isabuhay - **#ICAREforISLA.**

May the protection, guidance, and wisdom that we need be upon us. GOD bless us all!

**SUSAN S. COLLANO, CESO V**
Schools Division Superintendent